MARINDUKANON



e-kontradiksyon o blindspots ng pag-unlad

❁

RANDY T. NOBLEZA

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Marindukanon: E-kontradiksyon o Blindspots ng Pag-unlad
Cc 2015 Randy T. Nobleza

Reserbado ang ibang karapatan.

Initalathala ng Marindukanon Studies Center
at Info Shop Marinduque
marindukanon.weebly.com
imcmarinduque.blogspot.com
asya.pasipiko.tumblr

freelipiniana

Inilimbag ng DGR Publishing

Ang pabalat, tipograpi at disenyo ng libro ay gawa ni Jong Pairez

Pasasalamat sa De La Salle University College of Liberal Arts Research and Advanced Studies at sa Bienvenido N. Santos Creative Writing Center para sa Writing Fellowship Mini-grant na ipinagkaloob nila sa may-akda para matapos ang librong ito.

Pasasalamat sa Radyo Itim, Marinduque Independent Media Center at Marindukanon Studies Center x Info Shop Marinduque kung saan nailimbag ang ilang bahagi ng aklat sa ibang mga bersyon nito.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

para kay xyza

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

LIMINALIDAD O NASA PAGGITAN NG MGA NAG-IINTERSEK NA MGA LINYA

SA PAGGITAN ng Nobyembre 2009 hanggang Marso 2010, nasimulan ko ang magiging batayan ng Indymedia sa Marinduque. Dito ko rin unang naisulat ang mga tala ko sa larangan tungkol sa pag-iikot ko sa probinsya ng Marinduke. Pero hindi ito ang magiging paksa ng mga isusulat ko kundi pasakalye lamang ito. Sa inspirasyon ng Battle in Seattle at ika-sampung taon ng Independent Media Center, bumalik ako sa aking probinsya pagkatapos ng kulang-kulang sampung semestre sa Unibersidad ng Pilipinas.

Magpapabalikbalik ako sa anim na bayan ng Marinduke at mahigit sa 18 komunidad na nagbahagi sa akin ng kanilang mga pangarap, dedikasyon at hangarin. Maliit lamang ang isla, gayundin ang populasyon nito. Kung ikukumpara sa mga karatig na probinsya, wala masyadong makulay na kasaysayan ang Marinduke maliban sa panahon ng Amerikano kung saan natalo ng mga Pilipino sa dalawang pagkakataon sa Labanan ng Paye at Pulang Lupa. Ang una ay ipinagdiriwang sa bayan ng Boak, ang kabisera ng probinsya at ang sumunod naman ay kinukonsiderang araw ng lalawigan. Bagamat meron pang isang araw ang Marinduke, tuwing ika-21 ng Pebrero kung kelan nagsarili ang lalawigang ito sa mga kalapit na probinsya kagaya ng Tayabas, Mindoro at Batangas. Gayundin, wala din masyadong matitingkad na materyal na kultura ang mga taga-Marinduke, kagaya ng mga katutubo sa Palawan, Romblon, Occidental man o Oriental Mindoro. Nanatiling payak ang probinsya at paminsanminsan ay naaalala na lamang sa trahedya ng Marcopper at naiibang pagtitika o pamamanatala tuwing Semana Santa.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Madalas na hindi agad matatagpuan sa mapa ang isla, bagamat dito matatagpuan ang Luzon Datum ang pinaka-sentro ng buong arkipelago. Partikular ang butas na ito, nasa loob ng trianggulong nagsisilbing pananda ng mga kartograpo, geographer at gumagawa ng mapa. Marinduke din ang magsisilbing reperensya ng iba pang paglalayag sa ibang lugar sa kapuluan at maging sa labas nito. Kinailangan ko munang magipon ng sapat na materyal upang ipamahagi sa ibang pook. Balang araw ay maibabalik ko rin ang pabor sa mga pinaghalawan ko ng mga materyal na ito. Bagamat imateryal na ang mga karanasan na nabuo kasama ang mga taong hindi ko na maalala ang mga pangalan at mukha, kasama pa rin sila. Ang mga kilusan ay hindi galing kawalan o ibang planeta. Ang paborito kong depinisyon ng kultura ay anumang bagay na pinagbabahagihan ng mga taong kasama o hindi kasama sa grupo. unang pit stop ay Indonesia at Malaysia, unang beses makalabas ng Pinas at magpapatatak ng pasaporte. Ang kasunod naman na paglalakbay sa labas ng arkipelago ay sa Japan pagkatapos ay border crossing sa Thailand, Cambodia at Laos. Ang pinakahuling byahe ay sa Taiwan muling pagtawid sa mga paggitan ng Thailand, Laos at Myanmar. Gayundin ang mga pagtatalampas sa mga syudad ng Cebu, Legazpi, Dumaguete, Dabaw, Bukidnon, Batangas, Naga, Angeles, Naic, Los Banos, Lingayen, Silang, Baguio, Dagupan, Dasmarinas at Gensan.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Boak/Monserrat x Mogpog/Maapog

HALOS TATLONG dekada na akong naninirahan sa bayan ng Boak, ang kabisera ng lalawigan ng Marinduke. Madalas, dalawang bagay lamang ang sumasagi sa isip pagka nababanggit ang pook: ang Moriones at Marcopper. Nitong huli, nadagdagan pa ng isang puntahan, ang Luzon Datum. Bagamat may kilometro zero sa luneta kung saan nakalagak ang hantungan ng pambansang bayani, mayroong ibang reference point maliban sa Km 0, ang Marinduke ang siyang batayan ng mga mapa at geographic center ng kapuluan. Ang sentro nito ay ang bayan ng Boak. Ayon sa mga kuwento ng matatanda, minsan daw ay may naglalakad na mga kawal, may lumipad na uwak o anumang itim na ibon. Kaya ang nabulalas ng nakakita ay Buwak, kalaunan ay naging Boak. Kung sa mga librong pangkasaysayan naman, hindi nababanggit ang Boak kundi ang Malinduk at Monserrat. Malindig ang tawag sa bundok na dating aktibong bulkan sa paggitan ng bayan ng Buenavista at Torrijos. Samantala, matatagpuan rin sa aklat ang lumang pangalan ng bayan ng Boak, Monserrat, kung baga sa Espanyol ay liwanag na tumatagos sa mga paggitan ng bundok, mahalaga sa probinsya ang Malindig at at ang lugar nito sa gitna ng iba pang lalawigang kagaya ng Mindoro, Romblon at Masbate, maging ng Quezon, Batangas at Palawan. Nagsimulang bisita at parokya ang bayan ng Monserrat at Maapog. Iisang bayan lamang ito dati, bagamat sinasabing may naglalako raw ang isang ale sa pook kung saan matatagpuan ang bayan ng Mogpog ng mineral na apog. May istorya pang nabiyak ang Monserrat at Maapog ng isang ilog. Kahit may sariling pinagsasangahan ang ilog, parehong matatagpuan ang ilaya nito sa Matabang bundok, ang gagawing bukas na minahan ng copper sa bayan ng San Bernardo, kung tawagin

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

ngayon ay Sta. Cruz. Ilog ang naghihiwalay at nag-uugay sa bayan ng Boak at Mogpog, higit pa rito, iisa lamang ang pinag-mumulan ng ilog tubig sa ibaba ng Makulapnit sa Matabang Bundok. Kaya, hindi katakatakang nasa hinagap ng mga tao sa isla, sa mga ilog na ito dumadaan ang mga mangangayaw galing sa Visayas, Balangigi at Sulu. Bago pa ang pagtatambak ng basurang mina. Palaging pinapasok ng mga mangangayaw kung tawagin sa mga aklat ay pirata. Kaya naman, hanggang sa ngayon matatagpuan pa rin ang mga balwarte kagaya ng nasa Bitik sa Poblacion ng Sta. Cruz. Maging ang unang mga simba-han, matatagpuan sa Boak, Gasan at Sta.Cruz ay nasa mataas na lugar para kahit malayo pa lamang ang mga mangangayaw ay makakapag-abiso na at kakalimbangin ang kampana upang magbabala. Isa rin ito sa mag kuwento ng pag-apaw ng ilog sa Boak, maging ang pagsalakay ng mga Moro kaya gumawa ng himala ang Ina ng Biglang Awa. Kaya kada ika-8 ng Disyem-bre, ipinagdiriwang ang kapistahan ng parokya ng Biglang Awa. Gayundin dahil sa paglihis ng masamang pangyayari sa kalamidad at sa kamay ng mga pirata, ipinagdiriwang din ng mga taga Boak ang Moriones. Bagamat may ibang naratibo ang mga taga Mogpog tungkol sa pagsisimula ng tradisyon ng Moryonan. Ayon sa isang lokal na administrador at ma-nanalaysay, noong 1871 nagsimula ang pagpapanata ni Padre Santiago ng Moryonan upang ipagpasalamat ang pag-aadya sa kapahamakan sa mga natural na kalamidad man o gawa ng mga mangangayaw. Kaya naman kahit ang maskarang ginagamit ng mga nagpapanata ay nagkakaiba sa dalawang bayan. Sa Mogpog lamang matatagpuan ang mga bulaklaking moryon, bawat bulaklak sa ulo nito ay kumakatawan sa bilang mga taon ng pagpapanata. Hindi kagaya sa ibang bayan, walang organ-isasyon o grupo ang mga namamanata. Hindi bababa sa tatlo ang mga pangkat ng nagmomoryon sa kasalukuyan sa bayan ng Boak. Gayunpaman, depende sa mga naglililok ng mga

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

maskara kung bulaklakan o turbante ang moryon. Nakilala ko ang pinakamatanda at pinakamagaling gumawa ng moryon. Si Mang Ato ang pinakamagaling at pinakamatandang gumagawa ng Moryon sa lalawigan. Sa kasamaang palad, dalawang beses na siyang na-stroke, sa kabila nito ay gumagawa pa rin siya ng mga maskarang yari sa papel at lumang dyaryo. Gayundin, isa sa mga nagpapatuloy ng tradisyon ng pag-ukit ay si Kuya Bhodick, mas kontemporaryo ang mga gawa niya at pangkolektor. Hindi mo kailangan mamanata upang magpagawa. Imbis na lumang dyaryo, kahoy na dapdap at santol angginagamit niya. Imbis na ordinaryong brush at pintura, pang bakal at sasakyang ginagamitan ng compressor at air brush ang kanyang instrument. Kaya naman ang kalidad nito ay pang matagalan at pangdisplay sa eskaparate. Bukod sa paggawa ng mga moryon at maskara, gumagawa rin ng mga poon at santo si Mang Buddy isa pang taga bayan ng Mogpog. Nitong nakaraan lamang ay nagdiwang ang bayan ng Sta.Cruz at Gasan ng ika-apat na daang taon. Bagamat nasa sentro ang Boak at maitituturing na laylayan ang Sta. Cruz at Gasan, sinasabing pinakamayamang simabahan ang sa Sta.Cruz at pinakamaganda naman ang sa Gasan. Si Mang Buddy ang gumawa ng mga poon, pintuan, tabernakulo at maging ng retablo ng simabahan ng gasan, ang parokya ng San Jose. Kung ihndi simbahan o mga poon ang nilililok ni Mang Buddy, mga karo ng kalabaw ang kanyang hinuhubog para sa taunang pagdiriwang ng kangga. Ang kangga ay mga sasakyang pangbukid gawa sa kawayang hinihila ng mga kalabaw. Nakaalinsabay ito sa selebrasyon ng anihan at maging ng pistang bayan ni San Isidro Labrador.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

E-KONTRADIKSYON SA ANIM NA BAYAN

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

E-KONTRADIKSYON SA ANIM NA BAYAN

1. 3rd Week November 2009 MSC Student and Faculty Research Forum at SAS Days

KINUHA KO ang pagkakataon na makapagpresenta sa harap ng ibang kasamahan na guro at maging sa mga estudyante ng Marinduque kasabay ng paglulunsad ng atwput ng mga estudyante ko noong nakaraang semestre (Marindukanon Blogsite Project) at presentasyon ng mga thesis ng unang batch na magtatapos.

2. 4th Week November 2009 5th Asian Center Graduate Student Conference

AKO NAMAN ang nabigyan ng pagkakataon na makapagbahagi sa harap ng ilang mga propesor at kasamahang estudyante sa antas gradwado ng Unibersidad ng Pilipinas, sa kauna-unahang pagkakataon napili ang papel ko tungkol sa ika-sampung taon ng Global Independent Media Center at limang taon na pag-iral ng Indymedia sa Pilipinas sa kabila ng pangdaigdigang krisis sa pinansya.

3. 1st Week December 2009 Distribute Letters + Proposal

BINUO KO na ang plano at pasya na isagawa ang pag-aaral pagkatapos ng dalawang magkaibang presentasyon, bagamat walang pondo o suporta sa anumang institusyon tinuloy ko ang ideya na magtayo ng mga alternatibong komunidad sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga lokal na komunidad upang madokumento ang kanilang karanasan at pamumuhay.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

4. 2nd Week December 2009 Follow-up + Interview LGU Heads

UNA KONG nainterbyu ang mayor ng Sta. Cruz at Torrijos. Humiling ako ng schedule na mainterbyu ang mayor ng Gasan at Buenavista, pero hindi nag-abot ang aming schedule sa dami ng kanilang mas naunang kumpromiso. Gayundin humingi din ako ng panahon sa mayor ng Mogpog at Boac, napagbigyan naman ako ng mayor ng Mogpog pero hindi nakapagpaunlak ang mayor ng Boac.

5. 3rd Week December 2009 Follow-up + Interview LGU Heads

HINDI KO naabutan pareho ang babaeng punong bayan ng Gasan at Buenavista, pero nainterbyu ko naman ang vice mayor ng Buenavista. Hindi kami nag-abot ng mayor ng Mogpog sa unang pagkakataon pero napagbigyan naman niya ako sa kasunod. Sinubukan ko uli makahingi ng interbyu sa Boac pero hindi daw pupwede hanggang sa dulo ng Pebrero, kaya di ko na pinilit.

6. 4th Week December 2009 Pagpunta sa Ilang Target na Komunidad

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

December 25, 2009 Sta. Cruz (Labo, Kilo-kilo, San Antonio, Lapu-lapu)

Bago pumunta sa mga komunidad ay komunsulta na muna kami ng tatay ko sa mga kakilala at kabigang mga pari sa bayan ng Sta. Cruz, dahil sa hindi bahagi ng parokya ng Banal na Krus ang tatlong komunidad ay minabuti muna namin pumasyal muna sa kura paroko nakatuka sa Marcopper tsaka namin nakuha ang mga punong barangay at iba pang tao kelangan makausap.

December 26, 2009 Torrijos (Matuyatuya, Poctoy, Bonliw)

Pagkatapos ng pagdalaw sa bayan ng Sta. Cruz, pumunta kami sa kasunod. Ang punterya namin ay ang mga komunidad kung saan nakabase ang mga naghahabi maging ang kooperatiba ng mga Loomweavers. Napag-alaman namin hindi na aktibo ang mga ito maging ang mga dating chairman na nagsarili ay bumagsak na rin ang mga habihan maliban sa Julie Anne's handicraft. Pumunta din kami sa mga nagpapaso na mag-amang Gabisan para makausap at makakwentuhan.

December 27, 2009 Buenavista (Bagacay, Yook)

Dahil sa hindi naming kabisado aang terrain ng Bagacay at Yook, inuna naming ang mas alam naming at inasahan na namin hindi magiging madali makumbinsi ang mga tao, nakausap naming ang kapitan pero hindi kami napaunlakan nito para sa bidyo interbyu kaya naghanap kami ng iba. Sinubukan namin pumunta sa Bagacay pero sa hirap at tarik ng daan ay hindi na kami muna tumuloy sa Bicasbicas at Bagtingon. Masayahin ang mga tao sa Bagacay, tamang-tama lang ang aming tyempo.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

December 28, 2009 Around Marinduque (Mogpog, Sta. Cruz, Torrijos)

Nagpahinga muna kami ng tatay ko, pero sinamahan ko muna ang mga bagong volunter ang Peace Corps sa aming lugar. Magandang pagkakataon ito upang masukat ko ang mga bagay-bagay na alam ko na at hindi pa. Pinasyal ko sila sa Mogpog, pinakilala sa Mayor, sumabay kami sa pagsasara ng ika-400 na ebanghelisasyon sa bayan ng Sta. Cruz. Nakakain pa kami pagapatak ng tanghalian, pagkatapos ay dumiretso kami Torrijos at dumaan sa habihan, sarado pa rin ang habihan ng koopeeratiba kaya dumaan na lang kani sa Julie Anne's. Sa bayan ng Torrijos ang huli naming destinasyon at naghintay sa pag-alis ng Jac Liner pabalik ng Boac.

December 29, 2009 Gasan (Matandang Gasan, Dili)

Sarado na lahat ng establishemento pero meron akong schedule kay Prop. Rex Asuncion at Jose Sadia. Napag-usapan naming ni Sir Rex ang kasaysayan nng Gasan-gasang Festival samantala napagkuwentuhan naman namin ni Mang Joe ang tatlong isla ng Tres Reyes. Noong simula, sa tulong ng lokal na gubyerno na nagpondo sa mga representante ng bawat barangay sa Gasan na manood ng Sinulog sa Cebu tsaka nila sinubukan na ilapat sa sariling lugar. Sa kwento namana ni Mang Joe, ang kasaysayan ng Gasan (Gasang) at Buenavista (Sabang) ay magkadugsong, magkaugnay at malaki ang kinalaman sa isa't isa dahil isang bayan lang ito dati.

December 30, 2009 Mogpog (Janagdong-Bato)

Ang gumagawa ng mga maskara ng moryon ang naabutan naming, buong taon pinaghahandaan ni Dick Malapote ang paggagawa ng maskara hindi lamang kung kelan malapit ang semana santa. Ang mga gawa niya ay pulido, makinis at kakaiba. Noong nakaraan na pumasyal ako, plastik na tambo

Proofpiano
This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

ang ginagawa niyang palamuti sa turbante pero nitong huli, buhok na ng kabayo ang ginagamit niya. Kung dati, ang mga moryon ay bulaklakan ngayon ay iba na depende sa gusto ng mga patron niya. Binase niya sa Roman ang mga unang gawa niya gamit ang plastik na tambo at pinturang ginagamit sa mga santo, ngayon ang mga sumunod na ga wa niya ay hango na sa Trojan at buhok ng kabayo ang gamit niya habang pintura naman na pangsasakyan na ang pangpatingkad ng kolerete ng maskara.

December 31, 2009 Boac (Pawa)

Sa huli, hindi ko pa nakakausap ang kapitan pero tama naman ang tip ng vice mayor ng Boac kung sino ang dapat puntahan. Kung hindi kaagad-agad na pwede mainterbyu ang mga minero at nagbabarkes, sigurado ang naggigiling ay madaling matutunton. Hindi kami nagkamali, maayos naman ang pagtanggap at dating kay Emmanuel Malapat ng ginagawa namin at gustong gawin pa sa susunod. Sa kanya ko unang narinig ang konsepto ng kamote at guerilla mining, naikwento pa niya ang pagbabago sa katawagan dito simula nang gawing ilegal ang kanilang gawain. Paglilinaw lang niya hindi naman siya kasama sa nagkukuha ng bato sa gintuan o sa sapa, kundi siya lang nagpoproseso at bumibili. Tyansa ang pinapairal sa pagmimina, kahit abutin nang maghapon kung wala talagang makukuha ay wala talaga, kung mayroon ay mayroon talaga. Tiyagaan at tyansa talaga ng pagmimina ng bato para makakuha ng mineral dito.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Gasang-Gasan x Buena Vista/Sabang

KAUGNAY NG Pistahan ng Moriones at pagpapanata ng Moryonan, sa bayan naman ng Gasan ang nagpapang-abot ang pagdiriwang at pagtitika ng Mahal na Araw sa lalawigan ng Marinduke. Pagkatapos ng Linggo ng Palaspas, Myerkules Santong prusisyon, tuluyang senakulo at pagpako sa krus ng Byernes Santo, gang Sabado de Gloria, ang Linggo ng pagkabuhay o Easter Sunday ay nakatakda sa pistang Gasang-Gasang. Pagpapatuloy ito ng tradisyong luma at makabagong paniniwala. Ang bayan ng Gasan ay katatagpuan ng iba't ibang balangkas ng pananampalataya. Bukod sa mga Katoliko, mayroong mga Sabadista, Aglipayano, taga-Iglesia at naniniwala kay Sto. Nino. Ang Gasang-Gasang Festival sa huling 10 taon, sa kabila ng salitan ng mga pinuno ang nagpapatuloy sa bisa ng inisyatiba ng samahang Gasan Culture and Arts Foundation Inc. binubuo ang Gasang-Gasang ng cluster ng mga barangay mula sa 25 na kabuohan. Mayroong street dance competition at parada sa bayan ng Gasan. Mula sa simbahan ng San Jose hanggang sa Tres Reyes Park. Sa Gasan ring kasi matatagpuan ng tatlong isla ng ipinangalan sa tatlong haring sina Melchor, Gaspar at Baltazar. Ayon sa isa isang dyakuno ng IFI at lokal na historyador, mula sa pamamaybay ng mga paring kastila ng pagpansin sa tatlong isla at nakakalat na durog na buto ng bahura kung tawaging ay gasang. Maging ang tatlong isla ay mayroong mga pangalan bukod sa mga haring mago. Ngunit sa kasalukuyan, mayroon ding tatlong Reyes na naluklok sa kapangyarihan. Sa Nanay Reyes, Carmencita Ongsiako Reyes; si Pareng Edmund Reyes, ang anak ni Carmencita at Edmundo Reyes Sr. at si Ate Gina Reyes-Mandanas, asawa ni Hermilando Mandanas ng Batangas, kapatid ni Pareng Edmund at anak ni Nanay

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Reyes. Kadugsong ng pangalan ng mga Reyes ang paglago ng kaisa-isang pampublikong eskwelahan. Nagsimula noong 1952 ay Marinduque School of Arts and Trades. Kaya hanggang ngayon makalipas ng anim na dekada mahigit ay Trade pa rin ang tawag ng mga may edad na. Ang sumunod na henerasyon ngayon ay naabutan ay Marinduque Institute of Science and Technology. Nabukod sa mga Technical at Vocational Skills, mahalagang karagdagan ng School of Agriculture sa Sta. Cruz at School of Fisheries sa Gasan. Naging ganap na State College ang MIST nanggagaling sa MSAT. Ang Marinduque State College ay itinaguyod ni Nanay Reyes sa pamamagitan ng paggamit ng countryside development fund na naging PDAF o pork barrel. Kaya halos lahat ng mga mag-aaral sa MSC ay mga iskolar ni Nanay kung hindi man ng bayan. Sa panahon ng anak ni Nanay Reyes at pansamantala sa termino ng dating Provincial Administrator, PA Velasco, anak ng Supreme Court Justice Presbitero Velasco at Lorna Quinto, partylist representative na rin sa ngayon. Gumugulong ang pagpapalit ng status sa MSC upang maging Marinduque Island State University kung hindi mang maging bahagi ng MIMAROPA regional university. Kagaya ng ASEAN integration ang mga isla ng Oriental at Occidental Mindoro, Palawan at Romblon ang nag-iintegra upang makasabay sa dating kabiak nitong CALABARZON nang Timog Katagalugan. Agro-industrial pa ang tunguhin ng mga isla probinsya at karatig ng National Capital Region. Ngunit nang maihiwalay naging mas industriyalisado ang Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Medyo naiwanan sa kangkungan ang MIMAROPA. Ang mga bayan naman ng Marinduke ang galing rin sa biakan imbis na integrasyon. Ang bayan ng Boak at Mogpog ang iisang Bayan. Ang Torrijos at Sta. Cruz ay iisa rin lamang na parokya.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Gayundin, ang bayan ng Gasang at Sabang na ngayon ay Buenavista ay iisang bayan at bisita rin ng simbahan. Mayroong ilog ding nag-uugnay sa Gasang at Sabang. Ngunit mayroon tulay na nagdudugsog sa dalawang bayan. Dahil parehong tubig dagat, marahil magkakasama mamalakaya ng mga taga Gasang at Sabang. Sa isang pamayanan ng mga mangingisda sa Buenavista, mayroong mga dayong mandaragat mula pa sa Visayas na nangapag-asawa na sa Marinduke. Kaya sa Brgy. Sihi, ibang salita ng mga naninirahan. Gayundin sa Brgy. Bancorro matatagpuan pa rin ang mga bakulong ay sa ibang lugar sa Boak at Mogpog mga pangulong o malalaking sasakyang pandagat panghuli ng isda.

Ang bayan ng Buenavista ay pinagkalooban ng mga likas na yaman at bukod tanging tanawin. Batay sa mga naratibo. May mga manlalakbay napadadaan Sabang, napabuntong hininga "kay gandang tanawin." Buena, mabuti't maganda Vista. Tanawin o makikita. Sa kabila nito, hikahos pa rin ang mga mamamayan. Kaya naman hindi nawawala sa listahan ng mga nangangailangan ng tulong mga partikular na komunidad sa bayan ng Buenavista. Isa sa mga nagtatangkang interbensyon ay ang Norwegian Mission Alliance Philippines. Mayroon silang apat na pilat communities kagaya ng Brgy. Bicas-Bicas, Bagacay, Yook at Bagtingon. Hindi na mabilang ang mga nagtangkang NGO sa interbensyon. Kahit ay gubyerno sa pamamagitan ng KALAHI-CIDDS at DSWD ay mahaba na ang listahan ng proyekto. Maikukumpara ang islang nabili o nakuha sa simpleng mamamayan na pook. Nadebelop at naging Elephant Island. Pinasok ng mga yakuza, sindikato, droga at prostitusyon. Ang kasama sa press release ang sinunog, malugi o napasok ng union ang island-resort, paboritong puntahan ng mga turistang hapon. Matagal na nagsara, binuksan muli sa ilalim ng ibang management, ang balita naman ay mga

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

koreano. Maging pangalan pinaliyan, naging Bella Roca. Kagaya ng Buenavista, hindi malayo ang kahulugan ng bagong postura ng Elephant Island, maganda (bella) bato (roca). Maging ang kuryente at erport ay prioridad ang mag bisista ng Bella Roca. Ngunit sa kabila nito, ika-4 na klase ng minuispyo pa rin ang Sabang.

Freelipiliana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

BLINDSPOTS NG PAG-UNLAD SA MGA KOMUNIDAD

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

1. 1st Week ng January

January 5+6, 2010 E-kontradiksyon Film (MSC Audio-Visual Room)

Sa kauna-unahang beses ay pinalabas ko sa apat kong klase sa loob ng dalawang magkasunod na araw pagkatapos na magsimula uli ang klase ng Enero sa bagong taon. Libre ang palabas, meron mga estudyante mula sa ibang yunit ng eskwelahan, ganun din mga titser at ilang empleyado ang dumalo. Bilang paghahanda sa pagsasagawa ng echo-seminar ng mga estudyante ay pinakita ko muna ang kaugnayan ng aking ginagawa sa mga sariling awtput ng mga estudyante ngayong semestre. Kabilang sa mga sabjek na kinukuha nila sa akin ay cross-cultural communications kung saan inaasahan ko makagawa sila ng mga sariling bidyo ethnographi ng mga lokal na komunidad kung saan sila nagmula. Gayundin, sa mga sabjek ng pagsulat mula sa journalism, creative writing at creative non-fiction ay pinakita ko rin ang kahalagahan ng pagsusulat bago magsagawa ng mga ethnographi. Gayun din ang presentasyon sa mga klase ko sa literature maging sa mga sabjek kong research. Mula dito ay nagkaroon na sila ng ideya ano ang gagawin pagdating ng kanilang sariling presentasyon at gawain sa pinal na awtput.

2. 2nd Week ng January Pagbibigay ng Kopya Sa Mga Munisipyo

January 11, 2010 Maniwaya, Mongpong, Poli

Pagkatapos ng palabas at paliwanag, pumunta muna ako sa unibersidad upang humingi ng opinyon sa mga kaibigan at guro. Gayundin ay nagbigay ako ng kopya ng unang-una kong awtput sa pag-aaral. Apat na bidyo ethnographi ang

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

natapos ko sa loob ng unang 6 na linggo ng pag-aaral ng mga kontradiksyon at pag-unlad. Ang una ay may kinalaman sa bayan ng Sta. Cruz at ang pagsasara ng minahang sumira at pumatay sa Ilog Boac at Ilog Mogpog. Ang kasunod ay meron naman kinalaman sa istorya ng pagbulusok at pag-imbulog ng industriya ng paghahabi sa bayan ng Torrijos.

Ang dalawa pang ethnographi ay pinagkumbina ko ang apat na bayan sa dalawang dokyu, ang una ay pinagsamang interbensyon ng mga NGO sa Buenavista at halo-halong relihiyon sa Gasan. Samantalang ang huling natapos ko ay pinaghalong naratibo ng bayan ng Mogpog at Boac na parehong tumalakay sa tradisyon ng pagmomoryon at pagmimina. Nakatanggap ako ng Puna pero mas maraming paghanga at pagpapalubag-loob. Pagbalik ko ay sumabay ako sa nanay ko na mag-iinspeksyon sa tatlong pulo sa Sta. Cruz, ang Polo, Maniwaya at Mongpong. Ito sana ang simula ng pagbubukas ng bayan ng Sta. Cruz sa turismo pagkatapos magsara ng Marcopper.

January 12, 2010 Sta. Cruz/ Torrijos
January 13, 2010 Buenavista/ Gasan
January 14, 2010 Mogpog/ Boac

Sa mga sumunod na mga araw, pagkatapos na komunsulta at ayusin ang schedule ng kasunod na 6 na linggo ay nagbigay muna ako ng kanya-kanyang kopya sa mga munisipyo na nagbigay sa akin ng permiso upang ipagpatuloy ang pag-aral. Wala man akong nakuhang ibang suporta maliban sa permiso ay minabuti ko pa rin na bigyan ng kopya. Pagpapaalam sana ito kung maaari na ipagpatuloy ko ang ginagawa at ipalabas ang materyal at unang awtput ko. Pero hindi ko na hinintay ang kanilang opinyon na hanggang sa kasalukuyan ay wala pa din naman. Ito na ang huli kong pakikipag-ugnayan sa

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

mga punong bayan at munisipyo, pwede na ako dumiretso at dumirekta sa 18 mahigit na komunidad na nasasakupan nila.

3. 3rd Week ng January Pagbibigay ng Form at Pagpapalabas

January 15, 2010 Lapu-Lapu/Marcopper Sta. Cruz

Ang mga sumusunod na pagkakataon ay paghahanda para sa mga form at pagpapalabas ng unang awtput ko sa mga komunidad. Wala akong inaasahan na tulong sa anumang institusyon maliban sa permiso at pagtanggap. Nagpakopya ako ng 220 na kopya ng form, 10 sa bawat komunidad para sa mga opisyal ng barangay kasama ang kapitan, health worker, SK chairman at mga kagawad na pwede din nila ipasa sa iba kung kinakailangan.

Mula sa mga form ay inasahan ko na makakapili ako ng ilang mga tao na pupwedeng mainterbyu at makakwentuhan tungkol sa mga modelo ng pag-unlad sa kanilang komunidad. Kasabay nito ang pagkuha ng mga letrato, bidyo at mahabang pakiki-pag-ugnayan uuna sa mga punong barangay hanggang sa mga ordinaryong mga tao sa komunidad.

Jan 18+19, 2010 Lunduyan Echo-Seminar

Dahil sa obligasyon ng mga proponent na pumunta sa mga pagsasanay, worksyap, meeting at iba pa sa labas ng eskwelahan na ibalik dito kaalaman, hinati ko sa apat na grupo ang mga estudyante kong kumukuha ng mga sabjek sa pagbabasa, pagsusulat at pananaliksik. Ang unang grupo ang magtitiyak ng venue at mga equipment na magagamit sa eksena habang ang kasunod na grupo ang bahala naman sa pagkain at meryenda ng mga resors speaker at ibang bisita. Ang pangatlong grupo naman ang naatasan na gumawa ng

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

programa, schedule at imbitasyon para sa okasyon. Ang huling grupo naman ang naatasan na tumakbo at magpafollow up sa mga sulat at gagawa ng mga poster at flyer. Naging maayos namanan ang dalawang araw na seminar na hinati sa apat na sesyon, ang unang sesyon ay meron kinalaman sa pagbabalita ang kasunod ay tungkol naman sa malikhaing pagsulat. Ang pangatlong sesyon naman ay tungkol sa creative non fiction at ang huli ay tungkol sa pagtatayo ng lokal na publikasyon.

4. 4th Week ng January Distro ng mga Form at Pakikipag-unayan sa Barangay

January 28, 2010 Torrijos (Matuyatuya, Malinao, Bonliw, Poctoy)

Ang nasimulan ko sa Sta. Cruz na pagpapalabas at pagpapaliwanag sa mga susunod na pangyayari ay tinuloy ko sa apat na komunidad ng Torrijos. Ang gawain na ito ay sinubukan ko munang gawin sa harap ng mga opisyal ng barangay, partikular ang mga kapitan upang makumbinsi ko sila na payagan ako sa pag-aaral. Ang kasunod nito ay pagsasagawa ng schedule kung kelan ako pwede mapakinggan at mabigyan ng kunting panahon ng iba pang tao sa komunidad na maaaring makapanayam sa sunod.

January 29, 2010 Buenavista (Bagacay, Bicas-bicas, Bagtingon, Yook)

Ispesyal ang kaso sa mga komunidad sa Buenavista, mas nauna akong makipag-ugnayan sa isang NGO na responsable sa mga area na pupunta ako. Minabuti ko muna matyempuhan ang field manager ng NMA Phil, mahaba ang aming kwentuhan tungkol sa mga dating kasamahan sa NGO. Parang paglalaro ng chess ang nangyaring usapan sa tuwing meron

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

akong detalye na mababanggit ay susubukan naman akong hulihin ng kausap hanggang sa huli ay makumbinse ko siya na wala akong ibang sadya kundi makatulong din sa komunidad sa bandang huli. Hindi kami talo, kilala niya ang mga kilala ko at gayundin, kilala ko ang mga kilala niya kaya sa huli, kahit hindi kami magkakilala ay napapayag ko siya na makuha ang lahat ng tulong na pusible. Simula ang pagsabay kung kelan sila may meeting, worksyap at iba pa sa lugar, pinakilala niya sa akin ang mga makakasama na nakalubog sa mga komunidad na pupuntahan ko. Sa lahat ng napuntahan ko, dito lang walang problema sa ayuda, buong buo at hindi matatawaran ang kanilang pakikilahok.

January 30, 2010 Boac (Balogo, Pawa, Maligaya, Cawit)

Gayundin ang proseso ko sa sarili kong bayan, ang makipag-ugnayan sa mga kapitanes at ipalabas ang nagawa kong awtput bago makipagset ng schedule. Ngunit hindi naging madali ang lahat, noong una-una pa ay umasa ako na makakakuha ng impormasyon sa mga lokal na NGO pero dahil sa palagiang wala ang mga tao o permanenteng abala sila ay hindi na ako umasa. Gayundin ang mga taong tinuturo sa akin, tinuro din nila ako sa iba hanggang sa magdesisyon ako na hindi na magpaturo sa iba pa. Malaking abala ang ginagawa ko para sa kanila at malabong mabigyan ng panahon sa mga susunod na panahon. Buti na lang hindi natuloy kung hindi baka ngayon ay hindi pa rin ako natatapos.

January 31, 2010 Mogpog (Janagdong, Anapog, Ino, Capayang)

Dalawang magkaibang paksa ang kinukuha ko sa bayan ng Mogpog, mahirap itong gawin at malaki ang pusibilidad na kung pagsasabayin ko ay malamang wala akong matatapos. Taliwas sa pinakalohikal na pagdedesisyon na kung gusto kong

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

meron matapos, kahit isa ay kinakailangan kong pumili na lang ng isa sa dalawa. Pero pareho ko pa rin ginawa. Unang paksa ko ang pagmomoryon at paggawa ng maskara sa janagdong at anapog. Ang pangalawang paksa ko naman ay ang lokal na pagmimina sa lugar ng ino at capayang. Walang problema akong nakikita kung pagsasabayin dahil pareho lang ang bigat at gaan ng dalawang paksa para sa akin, ang tanong na lang ay kung gaano kainteresado ang mga taong makakausap ko. Hindi naman mahirap kausap ang mga tao, meron akong desisyon na dumirekta na lang sa mga taong kinakailangan kong mainterbyu at palagay ko ay papayag sa pag-aaral kaysa umasa sa desisyon ng mga punong barangay na magaalangan kung oo ba o hindi. Oo naman ang sagot nila lahat, nabigyan ako agad ng tyempo ng makabay ako sa regular na sesyon ng mga opisyal, hindi ako nag-alangan at kinuha ang pagkakaton.

5. 1st Week ng February Interbyu at Pagpapalabas

February 4, 2010 Sta. Cruz (Lapu-lapu, Kilo-kilo, San Antonio)

Naabutan ko naman si Kapitan pero mukhang kung walang lakad o hindi araw ng sabong ay tiyak, kahit anino ay hindi mo na aabutan. Kaya hindi na rin ako nag-aksaya ng panahon kung hindi siya pwede ay sino anag pupuntahan ko? Tinanong ko kung sino ang dating kapitan o kagawad na maaaring mapagtanungan, meron dalawang pangalan na binigay, wala yung isa pero andyan yung isa pa. Nagpapakain ng baboy, kausap ko ang misis niya, hindi naman madamot at malabo kausap ang dating kapitan. Nagpaunlak siya at naglaan ng panahon, kahit di pa nga kumakain. Ipinaliwanag niya ang diperensya ng pamumuhay nila dati nang bukas pa ang minahan at ngayon na sarado na ito.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Nakapagpaaral sila ng mga anak, nakapagpunar ng bahay at nakakapag-ipon sa bangko pero ngayon, iba na at nakakaawa pa nga ang mga tao na nasanay mula sa mga panahon na andyan pa ang Macopper. Meron airstripp, hospital, internasyunal na pier, club house, golf course, staff house, namimintina ang daan, libre ang kuryente at iba pa. tama ang lahat ng mababasa, city ang Marcopper within the town ng Sta. Cruz.

Hindi ko na rin naabutan ang kapitan sa kabilang barangay, maliban sa nawawala ito pagka araw ng Byernes, Sabado at Linggo, tumatakbo daw siya ng kagawad bayan kaya bawal maistorbo. Kagaya ng nauna, naghanap na rin kami ng iba pang pupwede. Dalawa naman ang nakita namin sa pagkakataon na ito, nakapagpalabas tuloy ako sa loob ng tuklong at nakapaginterbyu sa gitna ng palayan habang nag-aani. Magkaiba ang pusisyon ng dalawnag matagal na naging empleyado sa minahan, sabay din silang nagstrike, pero kwento nila pareho madami na sa kanilang kasamahan ang wala na at wala pa rin sila nakukuhang benepisyo. Meron pa sanang pagkakataon, pero ayon sa kanila ay huli na. Sabi ng isa, mas maganda kung mabubukasan ang minahan, makikinabang pa ang mga kabayaan ayon sa kanya. Pero sabi naman ng isa pa, hindi na bale sarado ang minahan at wala naman napipinsalang kabuhayan, hindi sapat na kabayaran ang pag-unlad ng iilan sa paghihirap ng mas nakakarami.

Mas maaga na kami nakapaginterbyu at nakapagpalabas sa Brgy. Labo. Dito kami nagsimula na magkaroon ng ideya tungkol sa mga striker na matagal na nagtrabaho sa minahan, mga 25 hanggang 30 taon sa Marcopper tapos hindi pumayagna pumasok uli bilang provisional at magsimula ulit. Meron kaming nainterbyu mga apat na striker sa Brgy. Labo, tatlo sa kanila ay nasa 60 taon na pagkatapos na magstrike ay hanggang ngayon

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

ay wala pa rin sila nakukuha na kahit anong benepisyo, ang isa sa kanila ay nagsisisi na sapagsama sa strike pero ang iba pa ay hanggang ngayon ay ipinaglalalaban pa rin ang dagdag sahod hanggang sa mapagsarhan na nga ng minahan.

February 5, 2010 Buenavista (Bicas-bicas, Yook)

Hindi isang beses o dalawa o tatlong makaulit nakami nagpunta sa Yook, pero wala pa rin matinong resulta kaya ang kasunod namin pinuntahan ay ang bagong tatag na people's organization tinulungan ng NMA.

6. 2nd Week ng February 2010

Februray 11, 2010 Gasan at Sta. Cruz

Fr. Allan Malapad (boac)
Fr. Jovin Grimaldo (sta. Cruz)

Bangbang, Gasan
Eric villamarin
Sore Butterfly Farm

Feb 12, 2010 Torrijos

Brgy. Matuyatuya
Lola kurding

Brgy. Malinao
Mr. Leticia rosas

Brgy. Poctoy
Rufino Gabisan Sr.

Kalipunan

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Sta. Cruz x Torrijos

DULO SA dulo ang bayan ng Sta.Cruz at Torrijos sa aking lalawigan. Magkarating lamang ang dalawang bayan ngunit, sa ibang bagay ay hindi. Ang bayan ng Sta. Cruz ay primerang munisipyo gaya ng Boak samantala ang Torrijos naman ay panghuling munisipyo kagaya ng Buenavista. Sa Sta.Cruz matatagpuan ang dalawang campus ng Marinduque State College, ang pinakamalaking barangay, Lapu-Lapu at ang natitirang balwarte simula pa ng panahon ng mga mangangayaw. Samantala nasa Torrijos naman ang isa pang campus ng MSC at katatagpuan ng kabuuhang bundok Malindig na matatanaw sa Poctoy White beach. Ang pinakanatatangi sa bayan na ito ay ang labanan ng Pulang Lupa. Ayon sa kasaysayan, isa sa dalawang labanan ng Filipino sa Amerikanong naipanalo natin ay sa Labanan ng Paye sa Boak at Laban ng Pulang Lupa sa Torrijos. Kaya naman isa sa dalawang araw ng Marinduke ma siyang ipinagdiriwang bilang pista opisyal sa lalawigan ay tuwing ika-13 ng Setyembre. Ang isa pang araw na Marinduke ay inaalala naman tuwing sasapit ang ika-31 ng Pebrero kung kailang nagsarili ang probinsya sa mga karatig nito kagaya ng Mindoro, Batangas at Tayabas na Quezon na ngayon. Ang maikokunsidera namang signipikante sa bayan ng Sta.Cruz ay ang saradong minahan ng Marinduque Copper Corporation at ang kasalukuyang puntahang isla ng Maniwaya. Kung may Tres Reyes ang Gasan, sa bayan ng Sta.Cruz naman matatagpuan ang mga isla ng Polo, Maniwaya at Mongpong.

Ang bayan ng Sta.Cruz ay mayroong tradisyon ng tatlong araw na pistang bayan, ang Mayo Uno ay pista sa poblacion na binubuo ng limang barangay: Pag-asa, Maharlika, Banahaw, Lapu-Lapu at Bagong Silang. Ang ikalawang araw naman

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

ay para sa mga taga isla ng Polo, Maniwaya at Mongpong maging sa mga laylayan ng Poblacion. At sa huling ataw, buong bayan ng Sta.Cruz ang nagsasaya sa pamamagitan ng Seafoods Festival. Ang mga barangay kung saan matatagpuan ang Marcopper ay naiiba rin sapagkat tila ghost town na ito dahil sa pagsasara ng minahan. Ang San Antonio, Kilo-Kilo a Labo ay dati-rati'y parang city within a town. May sariling hospital, golf course, pier, power station, maganda ang daan, may airstrip, eskwelahan at lahat ng maaaring matagpuan sa sentro ng Sta.ruz. Maalwan daw ang buhay nang bukas pa ang Marcopper. Ngunit nang magsara, nabaling sa Maniwaya at turismo ang Sta.Cruz. dito rin matatagpuan ang Tamayo Provincial Training Center kung ang Department of Agriculture at School of Agriculture ng MSC ang nagmimintina. Kaya nabago ang format nito at naging CARMEN (Center for Agricultural Research, Management, Enterprise and Networking sa Brgy. Tamayo, Sta.Cruz. Kasunod ng pangalan ng gobernador, si Nanay Carmencita. Maaari ditong magsagawa ng mga seminar at kumperesensya, may tulugan, swimming pool, bakawan, taniman, greenhouse, museo ng mga bila-bila. Dito rin isinagawa ang ika-5 Palihang Rogelio Sicat ng UP Departamento ng Filipino ng Panitikan ng Pilipinas. Ang taunang pambansang palihan sa mga lokal na pook kagaya ng Rizal, Nueva Ecija, Aurora at Cavite. Sa kabilang banda, ang Torrijos naman, bahagi dati ng bisita ng San Bernardo ng bayan ng Sta.Cruz ngayon. Ipinangalan sa isang espnayol na hemeral na enkomyendero. Sa baying ito matatagpuan ang ibang artisan, kung ang bayan ng Mogpog ay mayroong manlililok ng mga poon, moryon at maskara, ang bayan ng Torrijos naman matatagpuan ang mga manlililok ng paso at banga maging mga manghahabi ng buntal. Dito ko nakilala ang mag-amang Rufino at Jun Gabisan. Tubong Pampanga, magkakabaong at magdudukit si Mang Rufino.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Pero dahil sa lupang pula at malagkit, mga paso at banga na ang nilililok niya. Kaya naman sa bawat hangganan ng mga brgy. Sa lalawigan ay mayroong dalawnag malalakin pasong may mukha ng moryon. Ang mag-amang Gabisan ang kinumisyon ng kapitolyo upang gumawa ng mga pasong mukha ng maskarang moryon. Gayundin, ang mga pang-eksport na kalidad ng mga placemat, kurtina, basket at iba pang yari sa buntal ay ginagawa sa Brgy. Bolo, Bonliw, Malinao sa Torrijos. Dati ay mayroong kooperatiba ng mga kababaihan ngunit nagkanya-kanya nang habihan ang mga naging tagapangulo sa kooperatiba. Kaya nagkaroon ng habihan sa Bolo, Malinaw at sa Bonliw. Katabi nito ang Brgy. Garduke, hango sa pangalang maalamat na pag-ibig nina Gatduke at Marina. Ayon sa mga kwento ay nagiibigan ngunit hindi pabor ang mga magulang kaya tumakaw sa karagatan at kinain ng daluyong sa laot. Kung saan nataob ang kanilang bangka nina Gatduke at Marina, may sumibol na hugis pusong islang ipinangalan sa kanila, ang probinsya ng Marinduke.

Freelipinas

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

INDY TEST SA MARINDUQUE: MARINDUQUE INDYMEDIA

Freelipinians

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

1. 3rd Week ng February 2010

February 11, 2010
Torrijos (Matuyatuya, Malinao, Poctoy, Bonliw)
February 12, 2010
Gasan (Matandang Gasan, Libtangin, Bangbang, Pangi)
February 15, 2010
Mogpog (Janagdong, Anapog, Ino, Capayang)
February 16, 2010 Boac (Balogo, Pawa, Maligaya, Cawit)

February 17, 2010 Marinduque State College
Prof. Panchito Labay
Prof. Rosalinda Castro
Prof. Rex Asuncion
Myke Magalang, MACEC

February 18, 2010 Mogpog
Sics IT Career Talk
Anapog-Sibucao
Mr. lasac
Capayang
Walang sugat

February 19, 2010 Boac, Balogo, Pawa
Parada at Pista

February 20, 2010 Bagtingon, Buenavista, Ilog ng Mogpog
Percival Morales
Kagawad Francisco

February 21, 2010 Ilog ng Boac
Araw ng Marinduque
Renato/Erik morales

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

2. 4th Week ng February

February 22, 2010 Libtangin

Pumunta ako sa mga nag-aalaga ng bila-bila sa gasan. Sinubukan naming pumunta sa Libtangin, Gasan pero wala kami inabutan kaya pumunta naman kami sa karatig na barangay. Unang kong napuntahan ang farm ni elisa sales. Si mrs. Sales ang kasalukuyang chairman ng kooperatiba ng mga nag-aalaga ng paru-paro sa bayan ng gasan. Pumunta naman kami ni tatay sa pangi, gasan. Ang sadya naman naming ay si josie Valencia ang isa sa myembro ng nasabing kooperatiba, ipinakilala niya ang kanyang anak at kapatid na nag-aalaga din ng mga bila-bila. Huli naming napuntahan ang mag-asawang sina elmer sapurna.

February 26, 2010 MSC Research Park and Livelihood Center

The Link Newsletter Launching
Tagli Literary Folio Launching
Postcolonial Student Conference
Panel A: European Literature

February 27, 2010 MSC Research Park and Livelihood Center

Cross-Cultural Communication Filmfest
Panel A: Cross-Cultural Communication
Panel B: Language and Society
Postcolonial Student Conference
Panel B: Afro-Asian Literature

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

3. 1st Week ng March

March 1-5, 2010 Editing/Postproduction

Hindi gumana ang plano, hindi umabot sa culminating activity ng mga estudyante ko ang ginagawa ko. Pero sinikap ko na makapagpalabas bago matapos ang semestre. Ang resulta nga ay ang pansamantalang awtput ko batay sa mga nakuha ko nang sumunod na 6 na linggo. Tatlong segment na ethnographi ang natapos ko, una ang tungkol sa pagmimina sa tatlong bayan ng Boac, Sta. Cruz at Mogpog. Pangalawa ang batay sa persepsyon ng mga tao sa komunidad sa papel ng NGO sa kanilang pamumuhay at pag-unawa nila sa pag-unlad, natalakay ko dito ang bayan ng Buenavista at Torrijos. Pangatlo kong nagawa ang tungkol sa sitwasyon ng mga naggagawa ng mga maskara ng moryon sa Mogpog at mga nagaalaga ng bila-bila sa Gasan.

4. 2nd Week ng March Palabas at Kuha ng Form

March 9, 2010 BS Entrepreneur Thesis Presentation
MSC Research Park and Livelihood Center

Wala namang mag-iimbita sa akin sa puntong iyon kaya kinausap ko na lang ang mga titser na kasama ko sa departamento at kinumbinse ang kinalaman ng ginagawa ko sa ginagawa nila. Napapayag ko naman sila at nakapagpalabas din ako sa kanilang schedule ng depensa ng thesis. Hindi naman ako nabigo at nagkaroon din ng audience ang ginawa ko. Mas una pa nila napanood kaysa mga estudyante ko.

AN English 2 AB Communication 3
Nenalyn Defensor Speech Lab

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

March 10, 2010
Ab English 4/3
Nenalyn Defensor Speech Lab

Sa wakas, nakakuha din ako ng tyempo para mapakita ko din sa mga estudyante ano ang pinaggagawa ko sa loob ng 18 linggo. Ang paliwanag ko din naman kasi sa simula bakit tatlong beses lang ako pumapasok sa isang linggo ay hindi dahil tinatamad ako o meron ibang ginagawa na hindi nila alam, nang pinakita ko sa kanila ano ang nagawa ko ay naging mas malinaw ang lahat. Tulad nila, meron din ako mga deadline, papel na ipapasa at huling awtput na kelangan matapos.

March 12, 2010 Biyernes
Poctoy, Torrijos: Palabas
Bonliw, Torrijos: Palabas
Dasoy/Damaso Palma
Ibon, Moryon, Keychain, Maskara
Coypha Elata Bag

Ito ang unang beses at huling pagkakataon na makakapagpalabas ako ngayon semestre sa loob ng 18 linggo. Pinili ko mauna sa kanila dahil sila ang naunang tumanggap ng abiso ko, kagaya sa simula wala akong balita sa mga kausap ko sa bayan ng Sta. Cruz. Kaya dito ako nagsimula, nagkataon naman na lahat ng mga kapitan ay wala dahil sa meeting na patawag sa bayan, paghahanda siguro sa eleksyon. Yun pala ay nagpamigay ng mga id sa phil health na dapat noong isang taon pa binigay. Wala naman problema at nakapagpalabas ako sa dalawa sa apat na komunidad na plano ko pagpalabasan kahit pa meron silang ibang kumpromiso. Babalik na lang ako sa sunod.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

March 13, 2010 Sabado

Yook, Buenavista: Palabas
Malinao, Torrijos
Matuyatuya, Torrijos
Poblacion, Casana
Emer Sevilla

Kinabukasan ay bumalik ako sa bayan ng Torrijos sa parehong rason, upang maipalabas ko ang kasunmod kong awtput na. Kung hindi man ay nagbigay naman ako ng kopya sa mga kapitan para mapanood din nila ang ipapalabas ko sa ibang pagkakataon kung kelan sila pupwede. Dahil dito, naging kumportable siguro sila na tapos na ang ginagawa ko at wala nang gagawin sa susunod. Totoo parang pagpapaalam na at pagpapasalamat ang huling palabas. Salamat dahil sa tinanggap ako, paalam dahil sa sunod siguro ako pumunta ay dahil iniimbitahan na ako.

5. 3rd Week ng March Palabas at Kuha ng Form

March 15-19, 2010 Final Exam (Graduating)

Tuwing meron mga eksam, meron akong pagkakataon lampas sa karaniwang schedule kong hwebes, byernes hanggang sabado. Buong linggo ako nawawala sa eskwelahan dahil hindi naman ako nagbibigay ng eksam, dahil sa tapos na ang mga obligasyon ng mga estudyante ay wala na rin silang inaasahan kundi ang pinal na marka. Ang huling mga linggo at araw ay nakatuon na lang sa pagbawi kung kinakailangan at pagnenegosasyon upang makahabol. Tamang-tama lang ang pagkakataon na ito upang matapos na rin ang aking ginagawa sa labas ng eskwelahan.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Kahit walang feedback o abiso, dumiretso na rin ako sa bayan ng Sta. Cruz, kahit walang kasiguruhan ay pumunta pa rin kami sa Marcopper.

March 15, 2010 Lunes

Balugbog Baboy
Via Bocboc, Mogpog
Labo, Sta. Cruz
Kilo-kilo, Sta. Cruz
San Antonio, Sta. Cruz
Lapu-lapu, Sta. Cruz: Palabas

Ganun nga ang nangyari, parang eksam sa buong semestre, pagkatapos mo ibuhos ang lahat ng alam mo sa pinakamainam, pinakaepektibo at pinakamadaling paraan na alam mo, pagdating ng araw ng eksam ay wala pa ring nangyari. Wala nang tao sa brgy. Hall, wala ang kapitan.

May sakit na nararamdaman, wala pa rin ang form. Yung isa, nakasalubong pa namin pero mukhang may lakad na iba. Ang huli ay parang pinagtataguan ka pa na hindi mo maintindihan.

Pero kahit ganun, meron naman kami nakuhang mga form, halos kumpleto. Halos kumpleto maliban sa wala naman sagot maliban sa kanilang pirma at pangalan. Yung iba ay wala talaga kahit isa. Kahit ganun, sa huli nakakuha din kami ng pagkakataon. Meron meeting dapat ang mga matatanda, yung mga kasapi ng seniors' citizen sa brgy. Hall, nagpaalam ako at napagbigyan naman.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

March 16, 2010 Martes
Libtangin, Gasan
Bangbang, Gasan

Gayun din ang nangyari sa bayan ng sta. Cruz, walang form at hindi din kami nakapagpalabas. Pero kahit ano mangyari, nagbigay pa rin ako ng kopya at nag-iwan ng pakiusap na sana maasikaso na din ang mga form na halos tatlong buwan na sa kanila.

Janagdong, Mogpog: Palabas
Anapog, Mogpog: Palabas

Kahit minamalas, meron din namann buenas. Maraming tao sa brgy hall, meron pa-seminar para sa dagdag na kabuhayan. Syempre maraming tao ang dumalo, habang naghihintay sa iba ay nagset up na ako para makapagpalabas sabay paalala sa mga form. Hindi naman ako nabigo, kahit paano ay meron din naman mga nakakakakilala sa akin at naging mas madali ang lahat. Sa kasunod na komunidad, naabutan pa kami ng ulan. Kaya nagpalipas muna kami sa tuklong, meron mga tao gustong malaman ano ang ginagawa ko. Kaya bigla, nagpalabas na rin ako kahit medyo mahina ang tunog. Pinaliwanag ko na lang. Ayos, walang problema.

March 17, 2010 Miyerkules
Balagbag Mountain Range
Bagacay, Buenavista: Palabas
Bicas-bicas, Buenavista: Palabas
Yook, Buenavista: Interbyu

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Meron na rin kaming naunang abiso kaya, meron na rin mga nakahandang mga tao. Sa daan ay naabutan kami ng ulan pero sa tapat naman ng mga buludundukin ng balagbag kami natapat.

Dalawang beses kami tumigil dahil sa buhos ng ulan. Bago ang balagbag, sa gasan pa lang ay gabola na ang patak ng ulan. Kung noong una-una ay panay araw ang sumusunog sa aming balat ngayon naman ay ulan naman ang iniiwasan namin. Dahil andun na rin naman kami, kinuha ko na din ang pagkakataon upang tingnan ang mga produktong ginagawa ng mga tao sa komunidad para sa gagawing expo sa mahal na araw sa bayan ng boac.

March 18, 2010 Huwebes

Bagtingon, Buenavista: Palabas
Daykitin, Buenavista
Bangbang, Gasan Preparations Gasang-gasang

Nakatyempo din kami sa Bagtingon, hindi man ako nakapag-abiso sa mga kaibigan sa NMA ay madali naman kami napagbigyan, dahil sa dami at dagsa na rin naman ang tao sa kauna-unahang pagkakataon ay nakagamit din ako ng lcd projector at nabigyan ng hustisya ang ginagawa namin. Kinahappunan ay nagpaiwan ako sa Gasan para magbigay ng kunting impormasyon sa gagawin na National Forum sa pag-aalaga ng bila-bila na gagawin sa darating na Abril sa eskwelahan namin. Dahil sa nag-aalaga ang mga tao at nagkakaroon ng problema, magandang pagkakataon ang forum para mabigyan sila ng ibang kaalaman.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

March 19,2010 Biyernes

Pawa, Boac

Domingo Malapad, "I survived!"

Nagbigay din ako ang kopya para sa komunidad, pero hindi din ako nakakuha ng pagkakataon. Mahaba pang paliwanagan ang kinailangan ng kagawad na kausap ko, pero wala din. Ni di nagbigay ng pagkakataon na makakuha pa kami ng ibang impormasyon. Hindi na rin kami nasipot ng kausap namin dahil sa ibang lakad nito. Ayos lang, kahit paano ay nakatisod pa kami ng nagkakamote mining, mga batang nasa elementari at mga hayskul na hindi na pumapasok.

Nakilala din namin ang isa sa mga nagpupulot ng bato at natabunan nang buhay, buti na lang ay meron nakakita at nailigtas siya at kanyang mga kasama. Kung nagkataon ay unang beses na meron nangyaring ganun sa lugar. Buti na lang, wala.

Balogo, Boac: Palabas

Maligaya Beach

Itlog ng Pawikan

Hindi pa nagsisimula ang kampanyahan ay meron na kaming naabutan. Nanglibre pa ng kalamay, kumain din naman ako at sabay set up. Maayos naman ang pagtanggap sa amin dahil kilala din naman kami ng mga opisyal at kapitan kaya walang problema. Huli namin napuntahan ang Maligaya, wala ang kapitan at hindi din kami nakapagpalabas. Kaya dumiretso na lang kami sa dagat para magpahinga. Matagal na kami hindi pumupunta dun sa bahay bakasyunan ng kaibigang pari na hinid na umuuwi. Sa tapat ay meron karatula, nagsasabing bawal ang pagkuha ng itlog ng pawikan.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

March 20, 2010 Capayang Comprehensive

Petronio Lupig, CMI Administrator: Palabas

Pagka napapadaan kami sa Mogpog galing sa Balanakan, lagi napapansin ang magandang tanawin ng minahan, popular na sa ngayon itong shooting range, terrain ng motorcross at extreme na bikers. Pero hindi naming natityempuhan ang administrator ng CMI, isang beses pa lang kami nagkikita at hindi pa nasusundan. Ang tip sa amin ay umaga kami pumunta dahil syempre pagka hapon ay umuuwi din naman ang tao na hinahanap namin. Pero iba ang sadya namin talaga,dumaan na rin kami. Buti na lang andun siya kaya ininterbyu na rin namin baka di na kami mag-abot sa sunod.

Sining ng Kulturang Mogpogeno: Palabas

Ang sadya talaga namin ay ang palabas ng mag high school na mga estudyante. Isa pang pakay ay ang direktor ng dubbing na gumawa ng thesis sa pamamanata at pagmomoryon. Meron kahirapan makita ang tao na ito dahil hindi naman na siya nakabase sa marinduque, pagka pumupunta kami sa Boac Ilaya ay lagi kami nadaan sa kanila pero lagi din siya wala. Hindi naman unang beses kami nagkita, pero iba pala ang plano ng mama. Sa tuwa niya siguro ay nagbigay siya ng libreng worksyap maghanapon. Kaya sumingit na lang ako bago siya magsimula dahil tinanghali na rin kami. Hindi naman kami nagsisisi dahil sa lahat ng napuntahan namin, ito ang pinakamaraming taong nakapanood.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Bintakay, Mogpog: Palabas/ Interbyu

Pagkatapos ay sinadya namin ang brgy hall ng Ino, wala din ang kapitan pero sinubukan namin puntahan ang kagawad na maaari naming mainterbyu. Hindi kami nabigo, dumaan kami sa isang pang kagawad na nagturo sa amin ng daan sa tao na hinahanap namin. Nasa dulo na sila ng tambak ng CMI. Ang mag-asawa ay matagal na nagtrabaho sa minahan na saglit lang nagkaroon ng operasyon. Para sa kanila ipokrito lang ang mga tao na nagsasabi na ayaw na ayaw nila sa minahan. Dahil sa totoo lang mas madami naman nangyari nang mayroon operasyon kaysa noong nawala.

6. 4th Week ng March Writing, Postproduction Huling Draft

March 22-26, 2010 Final Exam (Non-graduating)
March 25, 2010 Kuhaan ng Form
Huwebes – Sta. Cruz/Torrijos
San Antonio/Bonliw
Kilo-kilo/Malinao
Labo/Matuyatuya
Lapu-lapu

March 26, 2010 Graduation ng Linangang Parisukat

Umaga pa lang ay simula nang paingay sa kalye, mga nagtatakid ng mga poster at tarpaulin, bago tumulak sa Buenavista ay meron nagbigay ng imbitasyon sa bahay. Inabot lang nila sa tatay ko, dahil sa hindi din naman talaga kami makakaalis ng maagang-maaga, kelangan ko rin magtime-in muna sa trabaho, meron pa naming panahon para sa okasyon. Noongnakaraang buwan kasi ay naimbitahan ako sa kul-

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

minasyon ng mga gawain sa linangan parisukat na pinamamahalaan ng dating estudyante. Nagpaunlak naman ako, tamang-tama ang kapatid nito ay nagpapa-aral din sa eskwelahan, kinakailangan ko din kasi ng kompositor at musikero na maaaring maglapat ng musika sa mga ginagawa ko. Ayos naman at bago ko ipasa at ipalabas sa iba ay nag-abiso muna ako sa kanya. Nitong huli, bago ako umalis ay nagkita naman kami at nag-abot sandali.

Buenavista

Diretso na kami sa Buenavista kung saan kukuhain na namin ang iniwang form, tyempo na nagbakasyon muna ang aming kaibigan sa NMA Philippine para umattend ng graduation sa kanilang probinsya sa Mindanao kaya kinakailangan na magpunta kami nang walang sasakyan o kasabay sa NGO. Dahil sa nakapunta na kami sa iba pang mas mahihirap na mga daan, hindi na kami masyadong nahirapan pa. Ayos na ayos, kayang kaya naman ng maliit na motor namin. Sa daan ay naabutan namin ang motorcade, meron din silang round Marinduque noong panahon na yun, maliban sa unang araw ng kampanyahan at huling araw na sana ng proyekto namin. Kung ano pa ang iniiwasan ay yun din ang aming mapupuntahan.

Bagacay, Buenavista

Naka-una naman kami sa haba ng mga motorsiklo, pick-up, SUV, dyip at iba pa na lahat ay naka-berde, kulay ng administrasyon. Hindi pa sumasabay ang kanilang kalaban, iba ata ang style ng mga nakadilaw, ang kulay ng oposisyon sa probinsya. Anu'y ano man ay nakarating din naman kami sa pupuntahan kahit paano. Naabutan namin sina Kapitan sa Brgy Hall, kumakain ng halo-halo, simple lang ang sahog nito hindi tulad nang matatagpuan sa restawran o kung saan fancy.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Nanglibre si Kap, hindi pa natutunaw ang yelo ay meron nang dumaan mga naka-dilaw, di naman kasama sa motorcade pero nagdidikit na ng mga poster at tarp, meron din paisa-isang lokal na kandidato na ang nakikipagkamay sa mga tao ang iba ay namimigay pa ng kendi sa mga bata. Nakikiagaw naman ang mga kuya at nanay sa umpukan. Papaakyat pa lang kami, meron kami sinusundan na tryke, di naman kami bumubuntot, nauna lang siya at kilala pa namin ang tumatakbong konsehal ang exec secretary ni Mayor. Sa daan papuntang Bicas-Bicas, meron mga grupo ng mga kabataan, mukhang hayskul na nakakatanda pa sa akin. Kinuha ko na ang pagkakataon upang mainterbyu sila tungkol sa children's congress at sa NMA. Hindi naman ako nabigo at dumiretso sa kasunod na lugar.

Bicasbicas, Buenavista

Kung sa pinanggalingan namin ay perpek ang atendans at kumpleto ang mga form, sa kabila naman ay itlog. Wala ni isa, hindi ko na rin inasahan ang kapitan na meron pang maitutulong sa proyekto kaya dumiretso na lang ako sa mga myembro talaga ng grupo na magtatayo ng organisasyon sa lugar. Magkaibang tao, pareho ang resulta. Wala pa rin.

Yook, Buenavista | Poctoy, Torrijos | Gasan-gasang

Sa Dampulan kami dadaan papuntang Torrijos, madaanan na rin namin ang Brgy. Yook pero gayun din wala pa daw bumabalik na form sa kapitan. Wala din ang secretarya, parehong istorya. Hindi na kami nagulat, kumain lang kami bago dumiretso sa Poctoy. Pagkalampas namin sa hayskul ng Tigwi, di pa kami nakakaliko sa kanan ay naririnig na namin ang mga jingle ng pulitiko, andyan na naman sila. Bumutas kami sa bulto, pero hindi kami maka-una dahil sa paliko-likong daan. Sinita pa kami ng mag marshall at pinapauna, gayun nga ang ginawa namin ay dumiretso sa Poctoy, babalik

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

pa sana kami sa Bonliw pero masyado nang malayo kelangan kami makabalik bago mag-alis singko. Kaya alas tres y medya, pagkakuha ng form ay harurot na kami, sumaglit lang kami sa Gasan para tingnan ano ang resulta.
Inabutan pa kami ng ambon, buti di bumuhos, wala kami naabutan na form pero nakaabot naman kami sa eskwelahan bago mag-alas singko. Nagliligpit na nga ang nagbibigay ng sweldo, buti umabot ako bago ang uwian. May bukas pa.

March 27, 2010 Sabado Boac at Mogpog

Maligaya, Boac: Palabas

Anihan na sa Maligaya, tatlong parsel nang magkakahiwalay na tubigan ang inani, nakasiyam naman na kaban mas mababa kaysa noong nakaraan na hindi bababa sa sampu ang ani lagi. Bukod sa mahal na ang patrabaho, binhi at abono, wala nang bumababa sa panahong ngayon kundi ang ani. Gayunpaman, eksakto din naman ang punta ko, sa pangilan beses kasi kami nagpabalikbalik ay hindi pa namin nakukuhang magpalabas. Mahina na nga ani at wala naman din talaga mahihitang direkta ang mga tao, kaya naman ang hirap-hirap na magpatawag ng pagpupulong. Pero nung umaga na ito ay kakaiba sa lahat ng pagkakataon, meron okasyon at nakasingit naman ako kahit kalahating oras lang upang makapagpaliwanag at makapagpalabas. Kaya lang wala din naman tunog, naglatag ako ng tarp at inihanda ang laptop, nagpasalamat ako sa kapitan pero walang tunog na lumalabas. Kung meron man ay saksakan ng hina, ayos lang hindi naman ako umuwi ng luhaan kahit isang form lang ang nakuha at walang tunog, umuwi naman ako nang napuno ang atendans sa kauna-unahang pagkakataon.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Balogo, Boac Wala Pa din mga Form

Bago umuwi, dumaan na rin kami sa Balogo para sa form. Nakapagpalabas naman ako dito ng ilang beses at marami din naman ang dumalo pero hindi sila handa para masagot ang mga tanong at lalo na sa harap ng kamera upang makuhaan ng bidyo. Gayunpaman nagbaka sakali pa rin ako. Tapos na ang pag-aaral sa punto na ito, kukulektahin ko na ang nalalabing mga form. Sabi ng kapitahan ay hinabilin na niya sa kanilang secretary pero pagka dating ko ay wala pa pala itong hawak na kahit isang kopya, nasa mga kagawad pa yung iba.

Naabutan na kami ng kampanyahan at kahit gaano kahigpit ang pag-iwas ay naabutin na din naman kami, ano pa ang magagawa namin.

Ino, Mogpog: Palabas

Isa pang napakahirap makuha ng pagkakataon sa brgy upang makapagpalabas. Noong nakaraang linggo ay pumasyal na kami pagkatapos pumunta sa Capayang Comprehensive High School. Nakausap na rin naming ang pamilyang Manggol na pawang pabor sa pagbubukas ng minahan gayundin ang administrator ng Consolidated Mines sa lugar. Pero hindi pa rin kami nakakapagpalabas dito, kaya nang dumating kami ay di pa man tapos ang sesyon ay isa-isa, pulu-pulotong na ang dagsa ng tao mas marami kaysa sa Maligaya. Kaya hindi na kami nagdalawnag isip, nilatag ko uli ang tarp, laptop at ang atendans para makapagpalabas ulli. Nagpasalamat ako uli at kahit sa dulo ay napagbigyan naman ako ng panahon upang makapagpalabas. Maayos ang tunog at tahimik na nanood ang mga tao. Meron substansyal na tanungan at kwentuhan pagkatapos. Masaya kaming lahat at hindi naaksaya ang panahon.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Capayang, Mogpog: Palabas

Noong nakaraang linggo ay meron synchronized na meeting ang mga taga-Boac, ngayon sabado pala ang Mogpog. Kaya pagkatapos na dumaan sa Anapog at Janagdong para sa mga form na kahit paano ay nakapagpasa naman kahit kumpleto pinilit na mapunan ng mga taga-Capayang. Mag-aalas kwatro na at hindi pa rin nagsisimula ang pagpupulong, nararamdaman kong naiinip na ang tao mahigpit siguro ang kanilang paghihintay. Sa paggitan ng pagpuntaa sa Gasan kaysa maiwan at magpalabas ay hindi na rin ako nag-isip at kinuha ko na ang pagkakataon. Wala pa mandin ang charger at naiwanan sa bahay. Buti umabot pa kahit sa dulo ay halos maghingalo na ang buhay ng laptop, nakaraos naman pero ang kapalit noon ay hindi na siguro ako makakaabot pa sa schedule ng Gasan.

Bang-bang, Gasan

Gayon nga ang nangyari, hindi na kami umabot. Kaya kinuha na lang namin ang form. Naabutan pa namin ang kapitan na kumakain, pananghalian siguro hindi na ako nagtanong. Pero dahil sa kalahati lang ang nakatapos ng form, hindi na rin mapigilan na magsalita ng kapitan, naitanong lang niya bakit wala ako noong nakaraan. hindi ko siya nasagot, kung nakarating at hindi ako nakarating palagay ko ay wala din naman diperensya dahil lima din naman ang natapos na form, walang labis, walang kulang. Tinatapos ko ang mga grade ng mga estudyante, ang nalalabing gawain sa semestre. Hindi na rin kami nagtagal upang humingi ng pasensya o magpasalamat, hindi na rin ako nagbigay ng paliwanag. Pumunta na kami sa kasunod na destinasyon.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Pangi, Gasan

Nakita ko na form dati, madami nga sa mga kagawad ang masama ang komento at kinailangan pa muna nilang masagutan ang form bago bigyan ng honorarium. Hindi ko rin naman nakuha sa huli, wala daw si kapitan. Kunin ako daw sa lunes pagka andyan na ang kapitan. Kahapon ay galing na rin kami at nangako ito na kukulektahin para maibigay sa akin. Hindi nangyari yun, kaya tinanong ko na lang kung pwede ako pumunta sa bahay nila, sabi ng kagawad na kausap ko wala at abala aang kapitan pagka umaga na lang daw ako bumalik. Tinanong ko na lang ang pangalan ng secretarya at sa iba nagtanong. Sabi ng napagtanungan ko bday daw nun sec kaya sigurado nasa bahay lang yun. Kaya naman medyo nabuhayan pa ako ng loob, pero nang magkita kami at tinuturo na naman niya ako kung kanino. Hindi na ako nakinig at dumiretso sa Bagtingon.

Bagtingon, Buenavista

Tapos na rin ako magpalabas dito, mga form na lang ang sadya ko. Kahit mga alas singko na ng hapon at baka maabutan ng dilim ay nagpasya pa rin kami na pumunta. Hindi namin naabutan ang kapitan pero hinabilin naman nito ang mga form. Hindi man kumpleto ang mga form ay kinuha ko na rin kaysa wala. Nagpahinga kami sandali at nagdiskurso sa mga poster ng pulitiko, ikaw, ako, tayong lahat. Hindi naman lahat ng kasuloksulokan ng probinsya ay sinasadya ng mga pulitiko para mangampanya at isa sa maraming lugar na yun ang Bagtingon. Hindi na nga raw kilala sa mukha ng mga tao ang mga nananalo sa eleksyon paano pa kaya yun hindi pa nila kilala, kung hindi din dahil sa mga poster ay hindi nila makilala. Mga matatandang babae na nagtitinda sa talipapa ang kausap namin.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Sabay kain ng meryenda namin, huling baon namin na pandesal na may palaman na karne norte na makailan beses na namin hindi tinigilan gang maubos. Bago gumabi ay umuwi na kami, meron pa kami dadaanan uli sa Gasan.

Libtangin, Gasan

Hindi na namin sinadya ang kapitan, hahaba lang ang usapan. Makailan beses na kami pumunta, hindi na kami nakapagpalabas ay wala pa rin mga form ang nasasagutan, huli kong balita ay naghahanda sila para sa mahal na araw at mga sasalihan mga kontes at kalalabas lang sa ospital. Mahaba pa ang kwento nang dumating ang sekretari, bagong ligo nakahanda na ang kwento niya, pero sa huli wala din kami nahita. Gabi na at inaasahan pa namin na meron pinadalang mga form ang mga taga-BicasBicas, unang gabi kasi ng pagbubukas ng Expo sa Boac Riverbed para sa mga nagtitinda ng produkto umaasa sa dagsa ng tao kung Mahal na Araw.

Pagdating namin dun, nakita ko ang mga hinabing placemat, mga produkto galing sa niyog at iba pa. Nakita namin ang tao na sinabing pinagpadalhan pero wala pa pala. Umuwi na kami pagkatapos, bukas ay aalis na ako. Ayaw kong mag holy week at magsulat.

FREE COPY

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Marindukanon Studies Center and Info Shop Marinduque

Reading List/Common Collection

Zizek, Slavoj. The Puppet and the Dwarf. 2003. MIT Press

Harrison, Ann and Spuler, Frances. Hot Tips for Teachers. 1983. Frank Schaffer Publication

Philosophy 2013 Catalogue. 2013. Edinburgh Press

Grimm, Tom. The Basic Darkroom. 1999. Plume Books

Brand, Stewart. The Media Lab. 1987. Viking Penguin

From Our Eyes. 2012. Mekong Migration Network + Asian Migrant Centre

Charters, Ann (ed.). The Portable Jack Kerouac. 1995. Penguin

Kerouac, Jack. Book of Haikus. 2003. Penguin

Lumbera, Bienvenido and Lumbera, Cynthia. Philippine Literature: History and Anthology. 1997. Anvil

Antonio, Lilia. Apat na Siglo ng Pagsasalin. 1999. Sentro ng Wikang Pilipino

Kerouac, Jack. Book of Blues/Atop an Underwood. 1995. Penguin

Philippine PEN Anthology of Short Stories. 1962. Regal Printing Co.

Communication and Leadership. Communication Society

Said, Edward. Culture and Imperialism. 1993: Vintage

Singleton John and Luck Haust (eds.). The Creative Writing Handbook/Assignments in Exposition. 1996: Macmillan Press

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Dunhan, Meenakshi and Kellner, Douglass (eds.). Media and Cultural Studies Keyworks. 2006: Blackwell Publishing

Acta Medica Philippina. 2009. Volume 43# 3
Acta Medica Philippina. 2011. volume 45#3

Nobleza, Randy. E-kontradiksyon o Blindspots ng Pag-unlad. Masteral Thesis Draft

Marsen, Sku. Communication Studies. 2006: Palgrave Macmillan

Simonson, Rick and Walker, Scott. The Graywolf Annual Five. 199: Graywolf Press

Paz, Octavio. The Labyrinth of Solitude. 1985: Grove Press

Mojares, Resil. Theater in Society/Society in Theater. 1985: ADMU Press

Peregrino, Joy et. al. Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino. 2002: SWF

Sanghaya. 2003: NCCA

May Sining at Musika sa Kasaysayan at Sibika. 2009: Ayala Foundation

Highlights of American Literature. 1981: US Information Agency
Deleuze, Gilles and Guattari, Felix. What is Philosophy? 1991: Columbia Press

Deleuze, Gilles. Nietzsche and Philosophy. 1993: Athlone Press
Bermont, John. How to Europe. 1987: Murphy and Brad

Lucero, Rosario. Dulaang Hiligaynon. 1996: ADMU Press

Marquez, Gabriel Garcia. Memories of My Melancholy Whores. 2005: Vintage

Philippiana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Sigwa: Isang Antolohiya ng Maikling Kuwento. 1992: UP Press

Fabia, AC. Timawa. 1995: ADMU Press

Jose, F. Sionel. The Samsons. 2000: Modern Library

White, Edmund. A Boy's Own Story. 1983: Plume

McCartney, Paul. Blackbird Singing. 2001: Faber and Faber

White, Edmund. Hotel de Dream. 2007: Perennial

Ginsberg, Allen. Selected Poems. 1996: Penguins

Deleuze, Gilles. Essays Critical and Clinical. 1997: University of Minnesota

Hidalgo, Cristina. Creative Non-fiction. 2003: UP Press

Chua, Apolonio et. al. Linangan. UP Press

Almario, Virgilio. Taludtod at Talinhaga. Anvil Publishing

Paz, Octavio. The Labyrinth and Others. 1985: Grove Press

Hampe, Barry. Making Documentary Films and Reality Videos. 1997: Henry Holt

Kartiganer, Donald and Griffith, Malcom. Theories of American Literature. 1972: Macmillan

Turabian, Kate. A Manual for Writers. 1973: University of Chicago Press

Genre 2011. 2011. Holy Trinity Gensan

Peregrino, Jovy. Verbo. 2001: Dulaang Pilipino

Kasarinlan. Vol.10. no.4 2nd. 1995

Philippiniana Free

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Daluyan Tomo vi. Blg. 14. 1995

Kasunduan sa Agrikultura. 2006: Rice Action Network

Revolutions. Vol.11 no. 3+4. 1996

Dev't Prospects for the Rice Industry. 20006: Rice Institute

Beals, Alan. Culture in Process. 1973. Rhine Holt

Guillermo, Alice. Art, Man, Society. 1998: UP Press

Wendell, Barrett. The Tradition of European Literature.Volume 1 and 2. 1964. Fredericj Unger Pub

Kobre, Ken. Photo Story

Hall, Edward and Dathorne OR. Beyond Culture: African Literature in the 20th Century. 1975: Heine Mann

Carpio, Rustica and Encarnacion, Anacleta (eds.). Crisscrossing in Afro-asian Literature: Cross-currents in Afro Asian Literature. 1979. National Bookstore

Kenny, Isabel. Understanding Visual Literacy. 2010: Anvil Publishing

Lacaba, Jose. Edad Medya. 2000: Anvil Publishing

Lyons, John. Noam Chomsky. 1970: Viking Press

Weidmann, Christine. Salvador Dali. 2007: Prestel Vertag

Barnstone, Tony (ed.). The Anchor Book of Chinese Poetry. 2005: Anchor Book

Faderman, Lilian. To Believe in Women. 1999. Mariner Books

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

De Vega, Mario. Dissidente. 2013: Central Book Supply

Knabb, Ken. Situationist International Anthology.
1989: Bureau of Public Secrets

Appiah, Kwame (ed.). Africana Arts and Letters.
2014: Running Press

Lay, Mary (ed.). Encompassing Gencer. 2002: Feminist Press

Pertierra, Raul (ed.). Social Construction and Usage of
Communication Technologies. 2007: UP Press

Agham Taong Kaagapa. 2011: Ugat Conference

Enrqiues, Virgilio. From Colonial to Liberation Psychology. 1992.
UP Press

Evasco, Eugene. Kilometro Zero. 2001: DLSU Press

Jackson, Stevie (ed.). Women's Studies. 1993: New York Press

Freelipinians

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Si Randy T. Nobleza ay boluntir sa Marindukanon Studies Center x Info Shop Marinduque. Nagtuturo siya sa Eskwelahan ng Arte at Agham sa Estado Kolehiyo ng Marinduque. Dati siyang tagapayo ng Pang-estudyanteng Publikasyon na "MSCian" at dati ring direktor ng Gender Advancement at Development. Nakakuha siya ng sertipiko sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino noong 2005 at Batsilyer sa Araling Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas noong 2007. Napili siyang maging fellow sa Konrad Adenauer Asian Center for Journalism noong 2011. Isang taon matapos nito, nakumpleto niya ang Masterado sa Araling Pilipino tungkol sa Independent Media Center sa Marinduque bilang alternatibong kasangkapan sa pananaliksik at komunikasyon. Tapos na siya sa pangkursong kahingian sa doktoradong programa ng Araling Filipinas sa Pamantasang De La Salle. Sinisimulan na na niya ang kanyang mukahing pag-aaral tungkol sa mga Info Shop at Studies Center sa Piliinas.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Randy T. Nobleza is a fulltime instructor at Marinduque State College School of Arts and Sciences, School Publication Head, Unit Director of the MSC Gender Advancement and Development, also an Independent Media Center Marinduque volunteer. He obtained a certificate in creative writing in Filipino from the University of the Philippines in 2005 and a degree in Philippine Studies from the said institution in 2007. He was chosen as a fellow of the Konrad Adenauer Asian Center for Journalism in 2011. He was able to present his final portfolio entitled Kawomenan: gender in development in Marinduque the following year. He also presented his graduate thesis entitled Independent Media Center Marinduque as an alternative tool for research and communication less than a week after. Now, he is preparing for his proposed dissertation thesis on Creating the Commons: Social Movements in Asia Pacific and Building Futures without a blueprint.

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.

Freelipiniana

This work cannot be printed, reproduced, or sold without permission from the author/owner.